# Pahayag 2: Palaging may mga simple at tuwirang sagot sa mga tanong tungkol sa doktrina, mga turo, mga alituntunin, at kasaysayan ng Simbahan.

Bilang grupo, talakayin ang katumpakan ng pahayag 2. Basahin ang 1 Nephi 11:14–17, at talakayin ang kahalagahan ng sagot ni Nephi sa tanong ng Espiritu. Pagkatapos ay basahin ang mga sumusunod na pahayag:



Ang mahahalagang turo ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay mabisa, malinaw, at hindi nakalilito. Gayunman, maging ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng ilang nakalilitong paksa. Isipin, halimbawa, ang kuwento ni Nephi, na inutusang patayin si Laban upang magkaroon ng napakahalagang espirituwal na talaan. Ang sitwasyong iyan ay puno ng kawalang-katiyakan. . . .

Kung kaya isang layunin ng mortal na plano ay na ang buhay ay puno ng kawalang-katiyakan at pagkatuto para malunasan ang agwat sa pagitan ng uliran at tunay. Sa pamamagitan ng banal na plano, lahat tayo ay nahaharap sa "pagsalungat sa lahat ng bagay" (2 Nephi 2:11). . . .

. . . Ang kakayahang kilalanin ang kalabuan, isang mahalagang hakbang sa ating espirituwal na pag-unlad, ay hindi isang huling uri ng kaliwanagan—simula pa lamang ito. . . .

Ang pinakamainam na tugon sa agwat sa pagitan ng [katiyakan at] kawalang-katiyakan ay ang patuloy na paglago. . . .

Kapag naharap tayo sa mga unang sorpresa ng kumplikasyon, dapat nating alagaan nang may malaking pag-iingat ang umuusbong na pananampalataya, para kapag mainit na ang sunog ng araw, hindi malalanta ang usbong. (Bruce C. Hafen at Marie K. Hafen, *Faith Is Not Blind* [2018], 9–10, 13–14, 18)



Ang matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay kasing-halaga ng pagkatuto sa pamamagitan ng pag-aaral, dahil may ilang bagay na hindi natin matututuhan mula sa isang aklat.

Binigyang-diin ni Elder Dallin H. Oaks ang katotohanang ito: "[Matapos] ang lahat ng paglalathala, ang mga miyembro natin kung minsan ay naiiwang nagtatanong tungkol sa mga bagay na hindi malulutas sa pag-aaral. . . . May mga bagay na matututuhan lamang sa pamamagitan ng pananampalataya [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:118]. Dapat tayong lubos na magtiwala sa patotoong natanggap natin mula sa Espiritu Santo" ["Pagsalungat sa Lahat ng Bagay," *Liahona*, Mayo 2016, 117]. . . .

. . . Kapag nagkakaroon ng mga tanong o duda . . . hindi pahiwatig ang mga ito na wala kayong patotoo o hindi totoo ang ebanghelyo. Ang mga ito ay isang paanyaya sa inyo na espirituwal na umunlad. . . .

. . . Ang mga tanong, lalo na ang mahihirap na tanong, ay tumutulong sa atin na pagtagumpayan ang mga espirituwal na pagdududa at alalahanin upang maakay tayo ng Panginoon. . . .

Ang paglago sa espirituwal at pagtanggap ng mga sagot sa ating mga tanong ay depende sa kakayahan nating madama, marinig, at maunawaan ang mga bulong ng Espiritu. Sulit sa ating makibahagi sa isang espirituwal na labanan upang matutong tumanggap ng personal na paghahayag, dahil malalaman lamang natin kung ano ang totoo kapag pinatotohanan ng Espiritu sa ating puso't isipan na tanging ang Espiritu Santo lamang ang makagagawa. (Sheri Dew, "Will You Engage in the Wrestle?" [Brigham Young University–Idaho debosyonal, Mayo 17, 2016], byui.edu)

Talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Bakit mahalagang maunawaan na maaaring may kalituhan, kawalang-katiyakan, at kasalimuutan sa ilan sa ating mga tanong tungkol sa doktrina, mga turo, mga alituntunin, at kasaysayan ng Simbahan?
- Ayon kina Elder at Sister Hafen at Sister Dew, ano ang ilang makabuluhang paraan ng pagtugon sa masalimuot na tanong tungkol sa ebanghelyo at buhay na humahantong sa kalituhan at kasalimuutan?
- Ano ang lubos na nakatulong sa inyo na manatiling tapat sa inyong pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo noong naharap kayo sa kalituhan, kawalang-katiyakan, o kasalimuutan?

Batay sa natutuhan ninyo sa talakayang ito, itala ang binagong bersyon ng pahayag 2. Maging handang ibahagi ang inyong binagong pahayag at kung ano ang natutuhan ninyo sa inyong klase.



© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.